



| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | III |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | | Learning Area: | ARALING PANLIPUNAN |
| | Teaching Dates and Time: | OCTOBER 10-14, 2022 (WEEK 8) | Quarter: | 1ST QUARTER |

| | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| **I OBJECTIVES** | | | | | |
| A. *Content Standard* | Naipamamalas ang pang-unawa sa kinalalagyan ng mga lalawigan sa rehiyong kinabibilangan ayon sa katangiang heograpikal nito. | | | | |
| B. *Performance Standard* | Nakapaglalarawan ng pisikal na katangian ng mga lalawigan sa rehiyong kinabibilangan gamit ang mga batayang impormasyon tungkol sa direksiyon ,lokasyon,populasyon,at paggamit ng mapa. | | | | |
| C. *Learning Competency/s:* | Nakabubuo ng interprestayon ng kapaligiran ng sariling lalawigan at karatig na mga lalawigan ng rehiyon gamit ang mapa. | | | | Lingguhang Pagtataya |
| **II CONTENT** | Interpretasyon ng Kapaligiran ng Ating Lalawigan at mga Karatig na Lalawigan sa Rehiyon Gamit ang Mapa<br><br>Sa araling ito, inaasahang:<br>* nakabubuo ng interpretasyon ng kapaligiran ng sariling lalawigan at karatig na mga lalawigan ng rehiyon gamit ang mapa (AP3LAR- Ii-14);<br>* natutukoy ang ilang katangiang pisikal at kabuoang kaanyuan ng kapaligiran ng sariling lalawigan at ng mga karatig lalawigan ng rehiyon gamit ang mapa; at<br>* napahahalagahan ang mga natatanging katangiang pisikal at kabuoang kaanyuan ng pisikal na kapaligiran ng sariling lalawigan at karatig lalawigan ng rehiyon. | | | | |
| **III. LEARNING RESOURCES** | | | | | |
| ***A. References*** | | | | | |
| *1. Teacher's Guide Pages* | | | | | |
| *2. Learner's Materials pages* | | | | | |
| *3. Text book pages* | | | | | |
| *4. Additional Materials from Learning Resources* | Laptop, tsart, larawan, LED TV , puzzle, concept map | | | | |
| ***B. Other Learning Resources*** | | | | | |
| ***IV. PROCEDURES*** | | | | | |
| | **SUBUKIN**<br><br>Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.<br><br>1. Si Mang Tinoy ay nakatira sa malawak na lupain ng Brgy. | **TUKLASIN**<br><br>Ang topograpiya ay tumutukoy sa kabuoang pisikal na katangian ng isang lalawigan. Inilalarawan nito ang porma, ayos, daloy at hugis ng anyong lupa o anyong tubig na makikita sa isang lalawigan. Sa pag-aaral na ito, madaling | **PAGYAMANIN**<br><br>Kompletuhin ang bawat pangungusap sa ibaba upang ilarawan ang iba't ibang lalawigan sa sariling rehiyon. Gawing batayan ang mapa at mga pananda nito. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel. | **Isagawa**<br><br>Maglista ng dalawang anyong lupa at anyong tubig sa kinabibilangang lalawigan. Ilarawan ang mga katangian nito na dapat pagyamanin at pahalagahan ng bawat tao. | Lingguhang Pagtataya |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Masipag, ang kanyang hanapbuhay ay _______?<br>A. pagsasaka<br>B. pagmimina<br>C. pangingisda<br>D. pangangaso<br>2. Anong lalawigan sa rehiyon sa Davao ang may pinakamaraming minahan at deposito ng ginto?<br>A. Davao de Oro<br>B. Davao del Sur<br>C. Davao Oriental<br>D. Davao del Norte<br>3. Anong lalawigan sa rehiyon ang nangunguna sa pangingisda dahil sa malawak at malaking baybayin nito?<br>A. Davao de Oro<br>B. Davao del Sur<br>C. Davao Oriental<br>D. Davao del Norte<br>4. Ano ang kabuoang katangiang pisikal ng Davao de Oro?<br>A. kabukiran<br>B. katubigan<br>C. kapatagan<br>D. kabundukan<br>5. Anong mga lalawigan ang dinarayo ng maraming turista dahil sa natatanging dalampasigan?<br>A. Davao del Sur at Davao de Oro<br>B. Davao de Oro at Davao del Norte<br>C. Davao del Norte at Davao de Oro<br>D. Davao Oriental at Davao Occidental</td>
<td>malaman ang mga panganib na lugar at mapaghahandaan ng mga tao ang posibleng maidudulot nitong sakuna.</td>
<td>
<br>1. Ang hanapbuhay na nararapat sa Davao del Sur gamit ang simbolo nito ay _____.<br>A. pagtitinda<br>B. pangingisda<br>C. pangangahoy<br>D. pangangalakal<br>2. Ang ______ay karaniwang hanapbuhay ng mga tao sa lalawigan ng Davao Oriental.<br>A. pagsasaka<br>B. pagmimina<br>C. pangingisda<br>D. pangangaso<br>3. Sagana sa yamang dagat ang mga lugar sa Davao Oriental dahil ___________<br>A. katabi ang lalawigan ng Davao de Oro.<br>B. halos napapalibutan ang lalawigan ng tubig.<br>C. nasa lalawigan ang katangi tanging Aliwagwag Falls.<br>D. bahagi ang lalawigan sa tinatawag na “Perlas ng Silangan.”<br>4. Mas mataas ang bilang ng mga magsasaka sa lalawigan ng Davao del Sur kumpara sa ibang lalawigan dahl _________</td>
<td><table><tr><th>Anyong Lupa</th><th>Katangiang Pisikal</th></tr><tr><td></td><td></td></tr><tr><td></td><td></td></tr></table><br><table><tr><th>Anyong Tubig</th><th>Katangiang Pisikal</th></tr><tr><td></td><td></td></tr><tr><td></td><td></td></tr></table></td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | A. malawak ang karagatan.<br>B. malapad ang lupang nasasakopan.<br>C. marami ang mga pabrika o kompanya.<br>D. marami ang mabibiling mga pagkain dito.<br>E.<br>5. Naaangkop sa lalawigan ng _____ ang pagsasaka dahil sa pinakitang simbolo nito sa mapa.<br>A. Davao del Sur<br>B. Davao Oriental<br>C. Davao del Norte<br>D. Davao Occidental | | |
| | **BALIKAN**<br><br>Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.<br><br>1. Bakit sa kapatagan nararapat ang pagtatanim ng palay at mais?<br>A. malapit sa sinag ng araw<br>B. madaanan ng mga sasakyan<br>C. malayo sa mga mababagsik na hayop<br>D. malaking deposito ng mineral mula sa kabundukan<br>2. Bakit mataas ang bilang ng mga magsasaka sa lalawigan ng Davao del Sur?<br>A. malawak ang karagatan nito<br>B. maraming malawak na lupain<br>C. marami ang mapapasukang trabaho<br>D. maraming pagkain ang pwedeng bilhin dito<br>3. Bakit marami ang mangingisda sa lalawigan ng Davao Oriental? | **SURIIN**<br><br>Ang pagkilala sa sariling lalawigan at rehiyon ay nagpapamalas ng pagpapahalaga sa lalawigang kinabibilangan. Mahalagang malaman ang ating kapaligiran sa ating lalawigan dahil dito tayo nakatira at nabubuhay. Sa tulong ng mapa malalaman natin ang ating kapaligiran na sagana sa mga likas na yaman gaya ng mga magagandang lugar, mga anyong pisikal na nagpapakilala sa ating lalawigan at mga karatig-lalawigan sa rehiyon. Sa pamamagitan nito, lubos na maipakikilala ang mga ito sa ibang tao sa iba't ibang lugar. | **Isaisip**<br><br>Ang mga lalawigan sa mga rehiyon ay may natatanging katangiang pisikal. Ang mga katangiang ito ng mga lalawigan at karatig lalawigan ay maraming pagkakapareho at pagkakaiba ayon sa lokasyon at direksyon at kaanyuan nito. Sa pamamagitan ng mapa, ito ay nagsisilbing gabay upang lubusang makilala at mailalarawan ang mga katangian ng bawat lalawigan at mga karatig lalawigan na bumubuo sa rehiyon. | **TAYAHIN**<br><br>Piliin ang pinakaangkop na paglalarawan ng kapaligiran ng mga lalawigan at rehiyon gamit ang mapa ng rehiyon. Isulat ang letra ng sagot sa sagutang papel.<br><br><br><br>1. Ano ang kabuoang kapaligiran ng Davao de Oro?<br>A. katubigan<br>B. kabukiran<br>C. kapatagan<br>D. kabundukan<br>2. Ano ang malaking bahagi ng lalawigan ng Davao<br>Occidental?<br>A. kabukiran | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | A. May mga bangka na silang magagamit.<br>B. Napapalibutan ng karagatan ang rehiyon.<br>C. Marami ang may gustong maging mangingisda.<br>D. Mas gusto nila ang mangisda kaysa magsaka.<br>4. Paano mo mapaunlad ang mga lupain ng iyong lalawigan?<br>A. mag-aral nang mabuti<br>B. magtanim ng mga puno<br>C. gumawa ng compost pit<br>D. palawakin ang bakawan<br>5. Ano ang kabutihang naidulot ng paggamit ng wastong lambat sa pangingisda?<br>A. makahuli ng maraming isda<br>B. mapangalagaan ang tubig sa dagat<br>C. maiwan sa dagat ang mga maliliit na isda<br>D. makakuha ng maraming halamang dagat | <br>Ang Davao Region ay biniyayaan ng magandang lokasyon. Ito ay matatagpuan sa timog-silangang bahagi ng Mindanao. May malalawak itong kabundukan, burol, kapatagan, lambak, mga ilog, talon, lawa at baybay-dagat. Pinalilibutan ito ng mga rehiyon ng Caraga, Hilagang Mindanao at SOCCSKSARGEN, Dagat Pilipinas (Philippine Sea) sa silangan at Dagat Mindanao sa timog.<br>Ang Davao Region ay binubuo ng limang lalawigan at anim na lungsod. Ito ang mga lalawigan ng Davao de Oro, Davao del Norte, Davao del Sur, Davao Occidental at Davao Oriental at ang mga lungsod gaya ng Davao, Digos, Mati, Panabo, Samal, at Tagum. Karamihan sa mga lalawigan ay may bahaging bulubundukin at kapatagan. Sa kabuoan, ang mga tao ay naninirahan sa mga lugar na kapatagan, kung kaya't | | B. katubigan<br>C. kapatagan<br>D. kabundukan<br>3. Batay sa mapa, alin sa mga lalawigang ito ang may maraming magsasaka?<br>A. Davao del Sur<br>B. Davao Oriental<br>C. Davao del Norte<br>D. Davao Occidental<br>4. Ano ang dahilan kung bakit isda ang isa sa mga<br>pangunahing produkto ng Davao Oriental?<br>A. ang malaking bahagi ng lalawigan ay dagat<br>B. ang malaking bahagi ng lalawigan ay bundok<br>C. ang malaking bahagi ng lalawigan ay kagubatan<br>D. ang malaking bahagi ng lalawigan ay kapatagan<br>5. Inaanyayahan si Kaloy ng kanyang kaibigan sa kanilang<br>piyesta sa Davao del Sur. Ano ang kapaligiran na kanyang pagdadaanan batay sa katangian ng lalawigan? Siya ay ______<br>A. dadaan sa isang dagat.<br>B. aakyat sa isang kabundukan.<br>C. bibiyahe sa isang patag na kalsada.<br>D. dadaan sa isang masukal na kagubatan.<br><br>**Karagdagang Gawain**<br><br>Basahin at unawain ang mga pahayag. Isulat ang TAMA kung napapahalagahan ang isang kapaligiran at MALI kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.<br><br>1. Dinidiligan ang mga tanim gamit ang tubig mula sa ilog at sapa. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | ito ang dahilan ng pagkakaroon ng bayan o lalawigan.<br><br><br><br>Ang Davao Region ay may malawak na lupain at pagsasaka ang pangunahing ikinabubuhay ng mga mamamayan. Nangunguna rin ang Davao Region sa mga produkto tulad ng palay, prutas at iba pang produkto, dahil dito tinawag na food basket ng bansa ang Davao Region. Matatagpuan din sa rehiyon ang maraming minahan. May malaking deposito ng ginto ang bulubundukin ng Davao de Oro. Ang mahabang baybayin naman ng Davao Oriental ay sagana naman sa mga isda at iba pang yamang tubig kaya ang pangingisda ang pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ng mga tao dito.<br><br><br><br><br><br>Bagamat sagana sa likas na yaman ang mga lalawigan o karatig lalawigan ng rehiyon, | | 2. Nilalagyan ng iba't ibang pampataba ng lupa ang mga malalawak na kapatagan.<br>3. Pangingisda ang pinagkakakitaan ng mga taong nakatira malapit sa baybaying dagat.<br>4. Umaangkat ng mga produktong hilaw mula sa ibang bansa para sa pangangailangan ng mga tao.<br>5. Hinihikayat ang mga nasa bulubunduking lugar na patagin ang lupa para makakuha ng mga ginto. | |

<table>
<tr><td></td><td></td><td>marami namang pagawaan ang itinatayo kaya karamihan sa mga mamamayan ay hindi lamang pagsasaka ang ikinabubuhay, may mangingisda at manggagawa sa mga opisina o pabrika ang ikinabubuhay ng mga mamamayan. Sa kabuoan, ang rehiyon ay sagana sa mga produktong pang-agraryo.<br>Talahanayan ng Kapaligiran ng mga Lalawigan sa Davao Region
<table>
<tr><th>Lalawigan</th><th>Kapaligiran</th><th>Pangunahing Hanapbuhay</th></tr>
<tr><td>Davao de Oro</td><td>malawak na kapatagan na napalilibutan ng bundok, maraming kuweba,talon at baybaying-dagat</td><td>pagsasaka, pagmimina, at pag-aalaga ng hayop</td></tr>
<tr><td>Davao del Norte</td><td>malawak na kapatagan at may bukirin, may mga isla at baybaying-dagat</td><td>pagsasaka, pag-aalaga ng hayop,at pangingisda</td></tr>
<tr><td>Davao del Sur</td><td>malawak na kapatagan, bundok at bukirin, at may baybaying dagat</td><td>pagsasaka, pag-aalaga ng hayop, pangingisda, at paggawa</td></tr>
<tr><td>Davao Occidental</td><td>malawak ang baybaying dagat</td><td>pangingisda pagsasaka, at paggawa</td></tr>
<tr><td>Davao Oriental</td><td>malawak na kapatagan na napalilibutan ng bukirin at may mga bahaging baybaying dagat</td><td>pagsasaka, pag-aalaga ng hayop, at pangingisda</td></tr>
</table>
</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>V. REMARKS</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>VI. REFLECTION</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>A. No. of learners who earned 80% on the formative assessment</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>B. No. of Learners who require additional activities for remediation</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Did the remedial lessons work? No. of learners who have caught up with the lesson.</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>D. No. of learners who continue to require remediation</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| *E. Which of my teaching strategies worked well? Why did these work?* | | | | | |
| *F. What difficulties did I encounter which my principal or supervisor can help me solve?* | | | | | |
| *G. What innovation or localized materials did I use/discover which I wish to share with other teachers?* | | | | | |